

Si Santo Tomas, Relihiyon, at Pilosopiyang Franses: Ilang Leksyon para sa Pamimilosopiyang Filipino

Jovito V. Cariño

Abstract: There is large gap in the discussion of religion in the philosophical tradition of France. The debate in the 1930s about Christian philosophy was merely the result of an earlier and larger conflict about the relationship between philosophy and faith, expressed in Pope Leo XIII's *Aeterni Patris* (1879). The Pope called for a renewal of the thought of Saint Thomas Aquinas as a response to the challenges of modernity, presenting Aquinas as a model of "Christian philosophy." Despite this call, secular French philosophers, including some Catholic and Thomist scholars, were convinced that it was not possible for philosophy to be Christian or for Christianity to be philosophical. A debate was organized by French scholars to discuss whether or not there was a Christian philosophy and whether it had a place in French intellectual culture. This paper aims to highlight the contribution of philosopher Etienne Gilson to the said debate, as well as his approach to the philosophy of Saint Thomas and its relationship to French philosophy. In addition, the paper will also present some points that may be beneficial to Filipino philosophy.

Keywords: Gilson, Christian philosophy, Thomism, religion

Malaki ang naging bahagi ng Fransya sa búhay ni Santo Tomas. Bagaman ipinanganak at lumaki sa Italya, matatandâan na mahabang panahon siyang namalagi sa Fransya, partikular sa Unibersidad ng Paris, para mag-aral at magturò. Sa katunayan, maliban sa maikling panahon na initigil niya sa Alemanya (sa Cologne, kasama ni San Alberto Magno), masasabi na ang kalakhan ng kanyang mahigit kumulang na tatlong dekada bílang frayle at propesor ay ginugol niya sa dadalawang teritoryo lámang: sa Italya at Fransya. Tubòng Italya man, hindí maikakailá ang espesyal na papel ng Fransya sa kanyang búhay, lalò na sa hulíng yugtò nito. Sa Fransya sana ang hulíng misyon ni Santo Tomas bago ang kanyang hindí inaasahang pagkamatay noong 7 Marso 1274. Mulá sa kombento sa

Napoles, tumungò sa Fransya si Santo Tomas para dumalo sana bílang *peritus* sa Konseho ng Lyons sa inbitasyon ng nanunungkulang Papa noon, si Papa Gregorio X. Binawian ng búhay si Santo Tomas dahil sa isang aksidente bago pa makarating sa nasabing konseho. Nang mabalitàn ito, agad hiniling ng mga propesor ng Facultad ng Arte sa Unibersidad ng Paris sa maestro heneral ng mga Dominiko ang mga naiwang sulating pilosopikal ni Santo Tomas.¹ Makalipas ang ilang dekada, sa Fransya rin magaganap ang kanyang kanonisasyon, sa syudad ng Avignon, noong 18 Hulyo 1323. Sa kasalukuyan, ang mga labî ni Santo Tomas ay matatagpûan sa Toulouse, sa katimugang bahagi ng Fransya.² Gayunman, makasaysayan man ang Fransya sa kanyang búhay, hindî ito ang dahilan kung bakit masasabing may papel si Santo Tomas sa ebolusyon ng pilosopiyang Franses. Magkakahugis ang papel na ito sa katagalan pa, sa katunayan, sa unang bahagi pa ng ikadalawampûng siglo, partikular sa dekada trenta, nang magsimulâ ang mga debate sa Fransya tungkol “Kristyanong pilosopiya.” Pakay ng nasabing mga debate na pagusapan ang paksâ na ang Kristyano at pilosopiya raw ay magkasalungat kayâ hindî posibleng pagsamahin. Ang totoo, ang nasabing pananaw ay laganap, hindî lámang sa Fransya kundî sa kalakhan ng buông Europa. Ang pagtutol sa ugnayan ng Kristyanidad at pilosopiya ang ibinabandera ng kampong rasyonalista.³ Ang paninindigan naman ng Simbahan tungkol sa usaping ito ay isinaad ng *Aeterni Patris* na isinapubliko ni Papa Leo XIII noong 1879. Laban sa tila malabis na pagpapahalaga sa rason at pagsasantabi sa pananamapalatayà, nanawagan si Papa Leo XIII na mulîng lingunin ang kaisipan ni Santo Tomas bílang pangtapat sa modernong konsepto ng katwiran at upang pagtibayin din ang Kristyanong pilosopiya.⁴ Ang Kristyanong pilosopiya ang sagot ng Simbahan laban sa modernidad; kinailangang pag-usapan at himayin ito nang sa gayo’y matugunan ang mga intelektwal na hámon ng modernong panahon. Kasama ang pangalan ni Etienne Gilson sa listahan ng mga Katolikong pilosoper na nagsulong ng sariwà at naiibang pagbasa sa mga kaisipan ni Santo Tomas gaya ng

¹ Jan A. Aertesen, “Aquinas’s philosophy in its historical setting” sa Kretzmann, Norman & Eleonore Stump, *The Cambridge Companion to Aquinas*, (New York: Cambridge University Press, 1999), 13–14.

² Para sa awtoritatibong bayograpiya ni Santo Tomas, tingnan James A. Weisheipl, O.P., *Friar Thomas D’Aquino: His Life, Thought and Work*, (Oxford: Blackwell, 1974) at Jean-Pierre Torrell, O.P., *Saint Thomas Aquinas, Volume 1: The Person and his Work*, trans. by Robert Royal, (Washington: The Catholic University of America Press, 2005).

³ Gregory Sadler, *Reason Fulfilled by Revelation: The 1930s Christian Philosophy Debates in France* (Washington: The Catholic University of America Press, 2011), 8–10.

⁴ Sa katunayan, ang salin sa Ingles ng *Aeterni Patris* ay may sub-titulong “Tungkol sa Pagpapanumbalik ng Kristyanong Pilosopiya.” Tingnan Leo XIII, *Aeterni Patris*, in *The Holy See: Daily Bulletin of the Holy See Press Office*, <https://www.vatican.va/content/leo-xiii/en/encyclicals/documents/hf_l-xiii_enc_04081879_aeterni-patris.html>.

panawagan ni Papa Leo XIII. Maraming mambabása, Katoliko man at hindi, ang tumitingalâ at tumatangkilik sa mga akdâ ni Gilson sa loob at labas ng Fransya. Siya rin ang isa sa mga nagsulong at primerong kalahok sa nabanggit na mga debate tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Sa panayam na ito, babalikan ko ang nasabing debate na may partikular na tutok sa naging kontribusyon ni Gilson. Una, tatalakayin ko ang batayan ng posisyon ni Gilson tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Pangalawa, susuriin ko ang nasabing posisyon at ang relasyon nito sa posisyon ng mga kapwà niya Katoliko at Tomistang iskolar. Sa pangatlo at hulíng bahagi, maglalahad ako ng mga konsiderasyon para maisulong ang pamimilosopiyang Kristyano sa Pilipinas kasabay ng pagpapayaman ng pamimilosopiyang Filipino.

Si Gilson at Kristyanong Pilosopiya

Matagal na at mahabà ang kwentong kinapapalooban ng Kristyanidad at pilosopiya. Ang kwentong ito ay nagsimulâ sa mismong pagsilang ng Kristyanidad gaya ng nakasaad sa Mga Gawâ ng mga Apostoles kung saan mababása ang pagpapakilala ni San Pablo ng tinawag niyang “Nakakubling Diyos” sa mga kausap niyang Epikuryano at Estoiko. Ayon kay San Pablo, ang Diyos na hindi pa kilala ng kanyang mga kausap na Griyego ang katuparan ng mismong karunungan na kanilang hinahanap (Mga Gawâ 17:16–34). Sa simulâ rin ng ebanghelyo ayon kay San Juan, inilarawan niya ang Diyos bílang *logos*, o salitâ na kumakatawan, tulad ng paniniwalà ng mga Griyego, sa karunungan na siyang pinanggálingan at kahihinatnan ng lahat (Juan 1:1–5).⁵ Bagaman taglay ng tao ang bakás nito, laging higit at lampas ang karunongang ito sa kanyang talino. Dagdag pa ni San Pablo, kahit gaano kataas, ang talino ng tao ay mistulang kalokohan lámang kompara sa Diyos na siyang tunay na karunungan (1 Cor 1:18–31). Para sa Diyos, ang karunungan ay hindi daloy ng isip kundî pulso ng pag-ibig (Santiago 3:13–18). Sa Kristyanong tradisyon, mamamalas ang lalim ng karunungan ng Diyos sa mismong pagaalay ni Kristo ng sarili sa krus. Si Kristo na itinuturing na balakid ng mga Hudyo at katatawanan para sa mga Hentil ay ang mismong karunungan ng Diyos sa anyô ng pag-ibig na handâng maglaan ng sarili para sa iba (1 Cor 1:19–25).

Kung ang pilosopiya ay paghahangad ng karunungan at ang Kristyanidad ang paghahanap sa Diyos na siya mismong karunungan, tila

⁵ Makikita rin ang ganitong pananaw kay Philo ng Alexandria o kilala rin sa tawag na Philo ang Hudyo. Para sa kaugnayan ng Hudyo at Kristiyanong kaisipan, tingnan Peter Schafer, *The Jewish Jesus: How Judaism and Christianity Shaped Each Other*, (New Jersey: Princeton University Press, 2012), 52–54. Tinalakay din ito ni Etienne Gilson sa kanyang diskusyon tungkol kay San Clemente ng Alexandria at Orihen sa Etienne Gilson, *History of Christian Philosophy in the Middle Ages* (Toronto: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 1955), 29–43.

hindî nga imposibleng ipalagay na ang Kristyanidad ay pwedeng maging pilosopikal at ang pilosopiya ay maaaring maging Kristyano. Ganito ang pananaw ni San Justino Martir, isang sinaunang Griyegong Kristyano na babád sa pilosopiya ni Pitagoras, Platon at Aristoteles. Para sa kanya, nasa Kristyanidad ang katuparan ng mga punlâ ng karunongang unang tinukoy ng mga pilosoper ng Gresya. Sila, ayon kay San Justino, ang mga orihinal na anonimong Kristyano sapagkat sila ang naghandâ ng mga turò ng Kristyanidad bago pa ito ipinangaral ni Kristo at mga apostoles. Matatandâan na ang Kristyanidad ay isinilang sa panahon na ang mga Helenistikong pilosopiya gaya ng Estoicismo, Epikuryanismo at Neo-platonismo ay laganap sa kalakhan ng teritoryong Greco-Romano.⁶ Malaki ang inpluwensya ng nabanggit na mga Helenistikong pilosopiya sa pagpapakalat ng pananaw na ang pilosopiya ay hindî lámang sistemang intelektwal kundî isang paraan ng pamumuhay. Sa madalíng salitâ, normal noon ang pagtingin sa pilosopiya bílang isang relihiyon. Sinomang nais mamilosopiya ay kinakailangang sumanib sa isang komunidad na kumakatawan sa urì ng pamumuhay na nais niyang yakapin at sundan, Estoico man ito, Epikuryano o Neo-platoniko. Maliban dito’y kailangan din niyang ilaan ang sarili sa pagsasabúhay ng mga aral ng komunidad na kanyang sasalihan. Ang pilosopiya sa panahong iyon ay magkakasabay na giya, daan at sasakyan tungò sa isang makahulogang búhay. Ang layon nito ay karunungan na mamamalas hindî sa pagiging magalíng (ibig sabihin, maabilidad) kundî sa pagiging *magalíng* (ibig sabihin, walâ ng karamdaman).⁷ Sa madalíng salitâ, ang pilosopiya, ayon sa mga Helenista, ay isang lunas o *pharmakon*. Pinagagalíng nito ang isip pati na ang katawan ng tao sa pamamagitan ng pagtuturò kung paano mamuhay ayon sa nararapat.⁸ Isinilang ang Kristyanidad, gaya ng nabanggit na, sa panahon na laganap na ang iba’t ibang komunidad ng Helenistang pilosopiya. Ang yugtò tungkol sa diskusyong namagitan kay San Pablo at mga Estoico at Epikuryanong pilosoper sa Athena ay katibayan ng pakikipagsabayan ng Kristyanidad sa nasabing mga pilosopiya. Sa katunayan, marami sa mga unang Kristyano ay gáling na sa mga umiiral nang mga pilosopikal na komunidad o naghahanap pa lámang ng komunidad na sasalihan. Isang halimbawà nito ang isang

⁶ Tingnan Hans Diether Betz, “The Birth of Christianity as a Hellenistic Religion: Three Theories of Origin,” in *The Journal of Religion*, 74:1 (January 1994), 1–25; Hans Diether Betz, “Antiquity and Christianity,” in *Journal of Biblical Literature*, 117:1 (Spring 1998), 3–22; Marcel Simon, “Early Christianity and Pagan Thought: Confluences and Conflicts,” in *Religious Studies*, 9:4 (December 1973), 385–399; at C. Wilfred Griggs, “Rediscovering Ancient Christianity,” in *Brigham Young University Studies*, 38:4 (1999), 73–90.

⁷ Tingnan sa Gisela Striker, “Ataraxia: Happiness as Tranquility,” in *The Monist*, 73:1 “Hellenistic Ethics” (January 1990), 97–110.

⁸ Tingnan sa Martha Nussbaum, *Therapy of Desire: Theory and Practice in Hellenistic Ethics*, (New Jersey: Princeton University Press, 2018).

lalaking nagnangalang Dionisio na Areopago na naging Kristyano matapos marinig ang pangangaral ni San Pablo (Mga Gawâ 17:32–34). Mababakás din ang tunggalian sa pagitan ng Kristyanidad at mga Helenistang pilosopiya sa mga akdâ ng mga Ama ng Simbahan gaya nila San Clemente ng Alexandria, San Juan Crisostomo at San Gregorio Nasyanseno.⁹ Mayroong gaya ni Tertulliano na tutol sa pilosopiya ngunit mayroon namang tulad ni San Clemente na nakikita ang pakinabang dito. Sa mga Ama ng Simbahan, marahil walâ nang hihigit pa sa mga nagawâ ni San Agustin pagdating sa pagsusulong ng ugnayan ng Kristyanidad at pilosopiya. Sa katunayan, kay San Agustin mismo matatagpûan ang pagtatampok sa Kristyanidad bílang pilosopiya.¹⁰ Mababása rin ang ganitong pagpupursige sa mga naging tagasunod ni San Agustin sa edad medya gaya ni San Anselmo¹¹ at San Buenaventura.¹² Sa inspirasyon ni San Agustin, kapwà naniniwalà sina San Anselmo at San Buenaventura na kasama sa pagiging pilosopiya ng pilosopiya ang pagpapalalim ng pagunawà sa pananampalatayà; naninindigan din sila na ang pananampalatayà ay mahalagang sangkap ng paghahanap ng kahulogan ng búhay na sa Diyos lámang matatagpûan. Ang ganitong tradisyon ng pagpapapahalaga at pagsasabúhay ng ugnayan ng pamimilosopiya at pananampalatayà ang sininop, binalangkas at ipinaliwanag ni Santo Tomas sa kanyang akdâng *Summa Theologiae*. Para kay Santo Tomas, posibleng maging pilosopikal ang Kristyanidad sapagkat tulay sa Diyos ang katwiran; posible ring maging Kristyano ang pilosopiya sapagkat ang hantungan ng pilosopiya ay Diyos, ang karunungan na dakilâ at banal.¹³

Ang nabanggit sa katatapos na mga talatà ang itinuturing ko na pinaiksî at pinasimpleng paglalagom sa ideya ni Etienne Gilson tungkol sa tanong na “mayroon bang Kristyanong pilosopiya?”¹⁴ Magaspang man ang ginawâ kong paglalagom, sana, kahit paano, ay nahiwatigan ninyo ang

⁹ Tingnan sa Susanna Elm, *Sons of Hellenism, Fathers of the Church: Emperor Julian, Gregory of Nazianzus, and the Vision of Rome*, (Los Angeles: University of California Press, 2012).

¹⁰ Etienne Gilson, *The Christian Philosophy of Saint Augustine*, (New York: Vintage Books, 1967), 35–37.

¹¹ *Ibid.*; Gilson, *History of Christian Philosophy in the Middle Ages*, 128–130.

¹² Etienne Gilson, *The Philosophy of St. Bonaventure*, trans. by Dom Illtyd Trethowan, (New Jersey: St. Anthony Guild Press, 1965), 79–105.

¹³ Etienne Gilson, *Elements of Christian Philosophy*, (New York: Doubleday & Company, Inc., 1959), 16–21 at Etienne Gilson, *Thomism: The Philosophy of St. Thomas Aquinas*, trans. by Laurence K. Shook and Armand Maurer (Ontario: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 2002), 7–16.

¹⁴ Maliban sa mga akdâng nabanggit na sa mga naunang talâbabâ, ang ideya ng Kristyanong pilosopiya ay mas malawak na tinalakay sa Etienne Gilson, *The Spirit of Mediaeval Philosophy: The Gifford Lectures (1931–1932)*, trans. by A.H.C. Downes, (New York: Charles Scribner’s Sons, 1940) at Etienne Gilson, *Christian Philosophy*, trans. by Armand Maurer, (Ontario: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 1993).

panukalà ni Gilson na mayroon at totoo ang Kristyanong pilosopiya. Para sa mga hindî masyadong pamilyar sa kanyang pangalan, si Etienne Gilson ay isa sa mga iskolar na Franses na nagsulong ng naiibang pagbasa kay Santo Tomas katulad ng ginawâ ng kanyang kaibigang si Jacques Maritain, isa ring Franses na Tomistang intelektwal.¹⁵ Gaya ni Maritain, si Gilson ay isang Tomistang laiko. Mahalagang bigyang diin ang kanilang pagiging laiko sapagkat maraming iskolar na Franses noong mga panahong iyon na dalubhasà sa kaisipan ni Santo Tomas ngunit pawàng mga parìng Dominiko gaya nina Antonin Sertillanges, Reginald Garrigou-Langrange, Yves Congar at Marie Dominique-Chenu. Importante ring sabihin na bawat isa sa mga pangalang nabanggit ay pinag-aralan si Santo Tomas mulà sa punto de vista ng teyolohiya. Kaiba sa kanila ang dulog ni Gilson at Maritain na gáling sa perspektibo ng pilosopiya. Magkasundô si Gilson at Maritain sa pagtutok sa pilosopiya ni Santo Tomas ngunit hindî sila pareho pagdating sa paraan ng pilosopikal na pagbasa. Kung lente ni Gilson ang kasaysayan sa pagaaral kay Santo Tomas, epistemolohiya naman ang para kay Maritain.¹⁶ Magkaiba rin ang karanasang relihiyoso ng dalawa. Si Gilson ay Katoliko mulà pagkabatà samantalang si Maritain ay naging Katoliko lámang, kasama ng kanyang kabiyak na si Raïssa,¹⁷ noong may sapat na gulang na sa tulong ng mga kaibigan gaya ng batikang nobelistang Franses na si Leon Bloy at isa pang Franses na manunulat na si Charles Peguy. Si Peguy ang umenganyo sa magkaparehang Jacques at Raïssa na makinig sa mga panayam ni Henri Bergson. Walâng kamalày-malày ang magkabiya na Maritain noon na si

¹⁵ Tingnan sa Gerald A. McCool, "Twentieth-Century Scholasticism," in *The Journal of Religion*, 58, "Supplement. Celebrating the Medieval Heritage: A Colloquy on the Thought of Aquinas and Bonaventure" (1978), 198–221.

¹⁶ Hindî nangangahulogan na limitado sa epistemolohiya ang isinulat ni Maritain. Sa katunayan, sakop din ng pagaaral niya ang etika, metapisika, estetika at politika. Ang partikular na pagtukoy sa epistemolohiya ay pagkilala lámang sa pilosopikal na karakter ng ilan sa kanyang pinakamahahalagang akdâ, pati na rin ng kanyang posisyon tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Tingnan sa Jacques Maritain, *The Degrees of Knowledge*, (London: The Centenary Press, 1937); Jacques Maritain, *Bergsonian Philosophy and Thomism*, trans. by Mabelle L. Andison, (Indiana: University of Notre Dame Press, 1955); Jacques Maritain, *The Range of Reason*, in *The Jacques Maritain Center* (1952), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/range.htm>>; at Jacques Maritain, *An Essay on Christian Philosophy*, trans. by Edward Flannery, in *The Jacques Maritain Center* (1955), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/aeocp00.htm>>.

¹⁷ Bagaman hindî kasing tanyag ng asawang si Jacques, si Raïssa Maritain ay isa ring establisadong makatà at iskolar. Sa katunayan, kabilang siya sa mangilan-ngilang babaeng nagsulat tungkol kay Santo Tomas sa bungad ng ikadalawampûng siglo. Tingnan sa Raïssa Maritain, *The Angel of the Schools*, trans. by Julie Kernan, in *The Jacques Maritain Center* (1942), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/sta.htm>>.

Bergson ang magiging susi sa pagbaling nila sa Katolisismo at sa pilosopiya ni Santo Tomas.¹⁸

Si Bergson ay may positibo ring inpluwensya sa pamimilosopiya ni Gilson ngunit batid niya ang limitasyon ni Bergson pagdating sa relihiyon. Malaking tulong si Bergson sa pagpapalinaw ng kanyang mga konsepto at ideya ngunit tila nakukulangan si Gilson kay Bergson kapag pinagusapan na ang mga karanasan o katotohanang may aspektong teyolohikal.¹⁹ Nabanggit kanina na di gaya ni Maritain, si Gilson ay ipinanganak na Katoliko at nagpamalas ng kanyang pagiging Katoliko sa kanyang mga akdâ. Gayunman, sa simulâ, hindi agad ang Katolikong medyebal na si Santo Tomas ang pumukaw ng kanyang akademikong interes kundî ang modernong Katoliko na si Descartes; hindi rin sa mga Katolikong institusyon umusbong ang kanyang dedikasyon sa Tomismo kundî sa mga sekular na eskwelahan gaya ng Sorbonne at College de France; hindi rin mga relihiyosong iskolar ang nagbukâs ng pintô sa kanya para makilala si Santo Tomas kundî ang anthopolohista-sosyolohista na si Lucien Levy-Bruhl at ang pilosoper nga na si Henri Bergson. Kay Levy-Bruhl nanggáling ang mungkahi na pag-aralan ni Gilson para sa kanyang tesis ang inpluwensya ng iskolastisismo sa mga ideya ni Descartes. Sa panahong nag-aaral si Gilson sa Sorbonne, laganap ang paniniwalâ na ang modernidad lámang ang tanging tagapagmana ng pilosopiya ng mga sinaunang Griyego. Pansamantala raw itong natabunan ng pamamayanî ng teyolohiya sa panahong medyebal na siya ring dahilan ng paglabnaw ng pilosopiya dahil sa iskolastisismo. Bagaman may ambag ang mga sosyolohistang Franses na sina Augusto Comte at Emile Durkheim sa ganitong pagmamaliit sa relihiyon, teyolohiya at iskolastisismo, si Rene Descartes ang kinikilalang ugat ng nasabing pananaw. Ipinakilala ni Descartes ang kanyang sarili at ang urî ng pamimilosopiya na kinakatawan niya sa pamamagitan ng pagtalikod sa iskolastisismo at mulîng pagtatatag ng pilosopiya, hindi na sa mohon ng relihiyon, kundî sa isang mas sigurado raw na pundasyon. Ang modernidad, samakatuwid, sa kumpas ni Descartes, ay naging hudyat sa pagpapawalâng-bisâ ng ugnayan ng relihiyon at pilosopiya at sa pagtatanyag ng pagiiisip

¹⁸ Para sa bayograpiya ni Jacques Maritain, tingnan sa Ralph McInerny, *The Very Rich Hours of Jacques Maritain: A Spiritual Life* (Indiana: University of Notre Dame Press, 2003), <https://maritain.nd.edu/assets/570350/mcinerney_the_very_rich_hours_of_jacques_maritain.pdf>.

¹⁹ Etienne Gilson, *The Philosopher and Theology*, trans. by Cecile Gilson, (New York: Random House, 1962), 106–131. Para makita ang husay ni Gilson sa pagtutok sa konsepto at klarong pagpapalawak nito, tingnan sa Etienne Gilson, *Being and Some Philosophers* (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 1952).

bílang solitaryong gawâ ng tao; ang tao, sa tingin ni Descartes ay hindi lámang suheto kundí isang cogito. Ito ang diwà ng panahong moderno.²⁰

Sinundan ni Gilson si Descartes, sa katunayan, binabasa na niya ito bago pa siya pormal na mag-aral ng pilosopiya.²¹ Ang problema, habang masusi niyang pinagaaralan at masinsinang sinusuyod ang kanyang mga ideya, mas lalòng lumilinaw kay Gilson na malí si Descartes; na hindi totoong nilampasan ng pilosopiya ang edad medya at basta na lámang tumalon mulâ sa panahon ng mga Griyego papuntang modernidad; na hindi totoong isinantabi ng teyolohiya ang pilosopiya sa panahong namamayanì ang iskolastisismo; na hindi totoong waláng mapupulot na pilosopiya sa mga akdâ ng mga kinikilalang kanon ng medyebal na kaisipan gaya nina San Agustin, Boethius, San Anselmo, San Buenaventura at Santo Tomas de Aquino. Ang nalikom ni Gilson mulâ sa kanyang pagtunton sa kaisipang medyebal ang siyang naging punlâ ng panukalâ niya tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Matapos basahin ang mga akdâ ng mismong mga intelektuwal at iskolar ng edad medya, noon niya napatunayan ang kakulangan ni Rene Descartes pati na ang kasinungalingan ng mga promotor ng modernidad na nagsasabing namatay ang pilosopiya sa medyebal na panahon at tangìng modernidad ang nagbigay ng bagong-búhay dito. Ang aksidenteng engkwentrong ito sa pilosopiyang medyebal ang nagudyok kay Gilson na isulat ang isa sa kanyang pinakamahalagang akdâ, ang *The Spirit of Medieval Philosophy*, ang isinalibrong panayam niya noong 1931–32 sa bantog na Gifford Lectures. Sa nasabing isina-aklat na panayam, inilahad ni Gilson ang kanyang mas solido at mas konkretong argumento para sa Kristyanong pilosopiya. Ang nasabing argumento rin ang babalangkas at magpapatibay sa naiibang pagbasa ni Gilson kay Santo Tomas, dahilan kung bakit, para kay Gilson, katulad ng itinuturò ni Papa Leo XIII sa *Aeterni Patris*, si Santo Tomas ang modelo ng Kristyanong pilosopiya. Batid ni Gilson na hindi magugustuhan at mariing tututulan ng mga modernista ang kanyang posisyon. Sa katunayan, handâ siya rito. Ang hindi niya marahil inaasahan ay ang pagtangi sa kanyang ideya ng kapwà niya mga Katolikong intelektwal, partikular na ang mga Franses na Tomistang iskolar. Ito ang klimang nagluwal sa tinaguriang debate ng dekada trenta sa Fransya tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Sa debateng ito umalingawngaw at nagmarka ang pangalan ni Etienne Gilson.

²⁰ Mababása ang tayâ ni Gilson sa modernidad sa Etienne Gilson, *The Unity of Philosophical Experience*, (New York: Charles Scribner's Sons, 1950) at Etienne Gilson, & Thomas Langan, *Modern Philosophy: Descartes to Kant*, (New York: Random House, 1963).

²¹ Laurence K. Shook, *Etienne Gilson* (Ontario: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 1984), 12–14; Gilson, *The Philosopher and Theology*, 7–18.

Si Gilson at Tomismo sa Fransya

Sa katatapos na bahagi, bahagya kong inilahad ang ideya ng Kristyanong pilosopiya ni Gilson kasabay ng pahapyaw na paglalarawan ng kanyang intelektwal na bayograpiya pati na rin ng intelektwal na kultura ng Fransya. Layunin ng nasabing pagtalakay na maipakilala muna si Gilson at ang pilosopikal na kontekstong kanyang ginalawan lalo na sa mga hindi pa masyadong pamilyar sa kanya o sa kanyang mga akda. Sa bahaging ito, ilalahad ko naman ang mga mayor na puntos ng Kristyanong pilosopiya ayon kay Gilson kasabay ng paghahayag ng mga ideyang sangayon at disangayon dito mula sa mga kapwa niya Katoliko at Tomistang intelektwal. Nilimitahan ko ang presentasyon ng debate kay Gilson at sa mga kapwa niya Katoliko at Tomista hindi lamang dahil kulang ang oras at espasyo kundî para na rin mabigyan ng mas masinop na diskusyon ang presensya ni Santo Tomas at Tomismo sa kulturang intelektwal ng Fransya. Hindi naman sana mawalan ng gana dahil sa limitasyong ito ang mga naghahangad ng mas komprehensibong presentasyon ng debate ng dekada trenta. Kung tutuosin, marami nang nakalathala at online na materyal tungkol sa nasabing debate; madali nang ma-akses ang mga ito ng mga naghahangad ng mas kompleto at mas malawak na talâ nito.²² Sa ngayon, nakatutok ang aking pokus kay Gilson at sa kasunduan-tunggalian sa pagitan niya at mga kapwa iskolar na Tomista at Katoliko.

Nabanggit sa simulâ na isa sa dahilan na nagbigay daan sa debate ng dekada trenta ay ang ensiklikal ni Papa Leo XIII na *Aeterni Patris*. Sa nasabing ensiklikal, maliban sa pagtukoy sa kalabisan ng modernidad, ikinampanya din ng Papa ang pagbalik kay Santo Tomas bilang gabay sa pagtugon ng simbahang Katoliko sa hamon ng modernong panahon. Mahalagang sabihin na ang pagpapalabas ng *Aeterni Patris* ay napapanahong hakbang tungo sa pagsinop at pagpapatatag ng Katolikong intelektwal na tradisyon. Bago pa ipinahayag ang *Aeterni Patris*, marami na ang intelektwal na Katoliko at marami na ring Katoliko ang intelektwal. Halimbawa, ang mga modernong Franses na pilosoper gaya ni Rene Descartes, Nicolas Malebranche at Blaise Pascal ay pawang mga Katoliko ngunit malaking tanong kung maibibilang ba silang lahat sa hulma ng tinawag ni Papa Leo XIII na “Kristyanong pilosopiya.”²³ Tila hindi sapat na ang isang iskolar ay “Katoliko” lang sa

²² Tingnan sa Sadler, *Reason Fulfilled by Revelation*, 8–10. Maliban sa mga babasahin at lathalaing na matatagpuan sa libro ni Sadler, may mga materyal ding nakalista na makikita sa Gregory Sadler, “Christian Philosophy: The 1930s French Debates,” in *Internet Encyclopedia of Philosophy*, <<https://iep.utm.edu/christian-philosophy-1930s-french-debate/>>.

²³ Mahalagang sabihin na ang terminong “Kristyanong pilosopiya” ay hindi matatagpuan sa mismong dokumento bagaman, gaya ng nabanggit na, makikita ito sa sub-titulo ng salin sa Ingles. Ayon kay James Weisheipl, O.P., nauna pang ginamit ng mga Katolikong iskolar na Franses ang salitang “Kristyanong pilosopiya” bago pa lumabas ang *Aeterni Patris*.

tawag para masabi na ang kanyang akdâ ay produkto nga ng Kristyanong pamimilosopiya. Ang *Aeterni Patris* ang nagtakdâ ng pamantayan sa paghusga sa bagay na ito. Ang pamantayang ito ay walâng iba kundî ang “ugnayan ng katwiran at pananampalatayâ.” Hindî ito simpleng ugnayan sapagkat nakapaloob ang nasabing relasyon sa isang pseudo-hiyerkiya at magkatuwang na paggalang sa kani-kaniyang awtonomiya. May sariling dominyon ang katwiran, ganoon din ang pananampalatayâ ngunit hindî nangangahulogan na hindî sila pwedeng magtagpô. Posible silang magtagpô sa mga usapin na may kinalaman sa natural na búhay ng tao. Ngunit pagdating sa usaping supernatural, nagpapaubayâ ang katwiran sapagkat lampas na sa sakop ng kanyang mandato ang nilalaman ng Banal na Kasulatan. Maaaring tumulong ang katwiran sa pagpapalinaw ng pagunawâ sa pananampalatayâ ngunit mayroon itong limitasyon sa ilang paksâ na saklaw lámang ng pananampalatayâ. Ang pilosopiya ay may saklaw din na hindî panghihimasokan ng pananampalatayâ liban kung masangkot dito ang mga tanong tungkol sa moralidad o kaligtasan ng tao. Pananampalatayâ, samakatuwid, ang nagsasaad ng limitasyon ng katwiran; katwiran naman ang nagpapalawak ng pangunawâ sa pananampalatayâ. Ang kaisipan na nagpapamalas ng ganitong uri ng ugnayan ay halimbawâ ng Kristyanong pilosopiya. Hindî ito samakatuwid isang sistema kundî isang paraan ng pamimilosopiya.

Sa mga naunang Katolikong intelektwal, pinili ni Papa Leo XIII si Santo Tomas bílang modelo ng Kristyanong pilosopiya dahil malinaw nitong naipakita sa kanyang mga isinulat, lalò na sa *Summa Theologiae*, ang organiko at dinamikong tambalan ng katwiran at pananampalatayâ. Malaking inpluwensya sa desisyon ng Papa ang panawagan ng kanyang sinundan sa katungkulan, si Papa Pio IX²⁴ at ang mga isinulat ng mga gaya ng Italyanong Cajetano Sanseverino, ang Alemang Jose Kleutgen at mga Kastilâng Juan Jose Urraburu, Jaime Balmes at Zeferino Gonzalez na pare-parehong nagsusulong ng pagbabalik-tanaw sa iskolestikong tradisyon ng edad medya at sa mas malinaw pang pagdidiin sa ugnayan ng katwiran at pananampalatayâ na pinawalâng-bisâ ng modernong pilosopiya.²⁵ Nabanggit kanina ang naging papel ni Descartes sa pagpapawalâng-bisâng ito ngunit pagdating ng ikalabingsiyam at ikadalawampung siglo, hindî na si Descartes lámang ang problema. Pumasok na rin sa eksena ang inpluwensya ng mga Alemang

Tingnan sa James Weisheipl, O.P., “Commentary,” in Victor B. Brezik, C.S.B., *One Hundred Years of Thomism: Aeterni Patris and Afterwards* (Houston: Center for Thomistic Studies, 1981), 24.

²⁴ Tingnan sa Pius IX, *Qui Pluribus* (Vatican, 1846), in *Papal Encyclicals Online* <<https://www.papalencyclicals.net/pius09/p9quiplu.htm>>.

²⁵ Tingnan sa Joseph Louis Perrier, *The Revival of Scholastic Philosophy in the Nineteenth Century* (New York: Columbia University Press, 1909), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/perrier.html>>.

pilosoper gaya nila Immanuel Kant, GWF Hegel at Martin Heidegger at ng mga Franses na intelektwal tulad nila Augusto Comte, Emile Durkheim at Henri Bergson. Sa kasamâang palad, sila, at hindi si Santo Tomas o si San Agustin, ang kinahuhumalingan ng mundo ng pilosopiya noong mga panahong iyon.²⁶

Ganito ang sitwasyong dinatnan ni Gilson nang pumasok siya eksena ng debate noong dekada trenta. Gaya ng nabanggit kanina, aksidenteng nadiskubre ni Gilson ang Kristyanong pilosopiya habang pinagaaralan ang kaisipang moderno ni Descartes. Umasa siya sa simulâ na higit na maintindihan ang pilosopiyang Cartesyano ngunit humantong siya bandang hulí sa pagkadiskubre sa pilosopiyang Kristyano. Ang nadiskubre niyang mga kaalaman sa Kristyanong pilosopiya ang kanyang isinulat at inilathala sa mga aklat patungkol kay San Agustin, San Buenaventura, Duns Scotus at si Santo Tomas de Aquino.²⁷ Ang mismong paninindigan niya tungkol sa Kristyanong pilosopiya ay natitipon naman sa akdâng una nang nabanggit, ang *The Spirit of Medieval Philosophy* at iba pang kaugnay na pagaaral gaya ng *Thomism: The Philosophy of Thomas Aquinas*, *The Elements of Christian Philosophy*, *Christian Philosophy* at *History of Christian Philosophy in the Middle Ages*. Sa bahaging ito, nais kong i-presenta ang isang paglalagom ng ideya ni Gilson tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Bilang gabay para sa mas malinaw na paglalahad, kinategorya ko ang paglalagom sa tatlo: *historikal*, *pilosopikal* at *etiko-teyolohikal*. Gayunman, pinapaalalahanan ang mambabasa na ang galíng at bisà ng ideya ni Gilson ay higit pa sa paglalagom na ito. Walang paglalagom ng kahit sinong mananaliksik o manunulat ang papantay sa orihinal na tinig ng isang awtor na hindi natin mararanasan liban sa kanyang mismong mga libro. Mas mainam pa ring basahin ang mga ito kung nais na maunawaan ang kaisipan ni Gilson.

Narito ang isang paglalagom ng mga argumento ni Gilson hinggil sa Kristyanong pilosopiya.

Una, ang Kristyanong pilosopiya ay nakapaloob sa kasaysayan. Ito ang buod ng naturang paglalagom na *historikal*. Hindi lámang ito nakapaloob sa kasaysayan ng pilosopiya; sangkot din ito sa kasaysayan ng Silanganin at Kanluraning sibilisasyon. Ang sinasabing paglaktaw ng pilosopiya sa edad medya at ang mulí raw paglitaw nito sa modernidad ay posible lámang kung itatanggi natin na ang panahong medyebal ay isang historikal na pangyayari, pati na rin ang pag-angkop nito ng mga antigong kaisipan hanggang sa magbukás ang panahong moderna. Isang tuloy-tuloy na paggalaw ang

²⁶ Gilson, *The Philosopher and Theology*, 20–41.

²⁷ Nabanggit na ang mga akdâng isinulat ni Gilson tungkol kay San Agustin, San Buenaventura at Santo Tomas. Tungkol naman kay Duns Scotus, tingnan sa Etienne Gilson, *John Duns Scotus: Introduction to His Fundamental Positions*, trans. by James Colbert (New York: T&T Clark, 2018).

kasaysayan. Hindi ito binubuô ng mga de-kahong pangyayari na pwedeng pamilyan kung ano lámang ang gusto nating sundan. Umuusad ang kasaysayan gaya ng isang batis at sa daloy na ito, maraming tagpúan at hiwalayang nagaganap upang makabuô ng mga bagong simulâ. Ang Kristyanong pilosopiya ay isa sa mga simulâng nabuô sa pamamagitan ng tagpúan at hiwalayan ng iba't ibang kalinangan. Sa loob mismo ng Kristyanong pilosopiya ay may nagaganap rin na tagpúan at hiwalayan – ang tagpúan at hiwalayan ng pananamapalatayà at katwiran na nakapaloob din sa kilos ng kasaysayan. Sapagkat ang pananamapalatayà at katwiran ay kapwà may karakter na historikal, marapat lámang na maging dinamiko rin ang kanilang tambalan. Ang kampanya ni Papa Leo XIII sa *Aeterni Patris* ay nakabatay sa pagtanggap sa pangangailangan ng Kristyanong pilosopiya na makibagay sa kumpas ng kasaysayan. Pinili niya si Santo Tomas na modelo sapagkat sa kanyang mga akdâ, partikular ang *Summa Theologiae*, pinatunayan nito na posible ang isang sintetikong paglalahad ng Kristyanong pananamapalatayà sa kabilâ ng mga tagpúan at hiwalayang nakapaligid sa kanya noong panahong medyebal.

Pangalawa, ang Kristyanong pilosopiya ay tunay na *pilosopikal* sa kabilâ ng pagkakasangkot nito sa Kristyanidad. Ang ugnayan ng pilosopiya at relihiyon gaya ng Kristyanidad ay hindi hadlang sa pagiging pilosopikal ng pilosopiya. Makikita natin ang katibayan nito, hindi lámang sa Gresya kundî pati na rin sa mga kulturang Silanganin kung saan ang relihiyon at pilosopiya ay matalik na magkasani at halos imposibleng paghiwalayin. Ang paghihiwalay samakatuwid ng relihiyon at pilosopiya ay imbensyon hindi lámang ng Kanluraning pilosopiya kundî ng modernidad mismo. Para kay Gilson, ang ugnayan ng pananamapalatayà at katwiran na makikita sa Kristyanong pilosopiya ay pagkilala at pagpapatuloy lámang ng tradisyong likas na sa kanilang dalawa sa simulâ pa. Ang pagtatampok ng ganitong ugnayan gaya ng mababása kay Santo Tomas ay hindi bago kundî pagpapanariwà ng ugnayan ng pilosopiya at pananamapalatayà. Sa pamamagitan ng nasabing ugnayan, maraming mga konsepto, bukabularyo, teyorya at mga kahulogan ang nabuô, nabago at nabigyan ng linaw at naging bahagi ng relihiyoso at sekular na kamalayan. Halimbawà, malaking bahagi ng mga doktrinang binalangkas ng mga Ama ng Simbahan ay hangò sa mga konsepto ng mga Griyego ngunit sa paggamit nito, nagkaroon din ng transpormasyon ang nasabing mga konsepto na naging daan sa pagpapalawig at pagpapayaman ng kanilang kahulogan. Ganito rin ang masasabi sa panghihiram ni Santo Tomas ng mga ideya ni Aristoteles. Totoo na may konseptwal na utang ni Santo Tomas kay Aristoteles ngunit hindi rin naman maitatangi ang pakinabang ng pilosopiya ni Aristoteles nang kinatuwang ito ni Santo Tomas sa pagpapaliwanag ng Kristyanong pananamapalatayà. Mainam bigyang-diin ang salitang kababanggit lámang:

“katuwang” o *ancilla* sa Latin. Malinaw kay Gilson, gaya ni Santo Tomas, na ang Kristyanong pilosopiya ay hindi sistema kundî paraan ng pamimilosopiya. At ang pamimilosopiyang ito ay nagsisilbing katuwang upang pagyamanin ang pagunawà sa at praktika ng pananampalatayà.

Pangatlo, ang Kristyanong pilosopiya ay kwalipikado na maging pilosopiya kahit na ang batayan at tunguhin nito ay teyolohikal. Kaiba sa rasyonalismo na ang sandigan ay ang sariling kognitibong kakayanan ng tao, nakabatay ang Kristyanong pilosopiya sa pahayag ng Diyos at kung paano ito dinadanas sa búhay ng mga mananampalatayâ. Ito ang dahilan kung bakit ang isang aspekto ng Kristyanong pilosopiya para kay Gilson ay inilalarawan ko na *etiko-teyolohikal*. Ibig sabihin, isang urî ito ng pamimilosopiya na hangò at patungkol sa búhay-pananampalatayà ng mga Kristyano. Ang pangaral ni San Pablo sa mga Epikuryano at Estoico na dinatnan niya sa Athena ay isang demonstrasyon kung ano at para saan ang “Kristyanong pilosopiya.” Umasa marahil si San Pablo na mauunawàan siya ng kanyang mga kausap sapagkat gaya ng kanilang pilosopiya, ang Kristyanidad ay may pagpapahalaga rin sa praktika o pamumuhay na matuwid at marapat. Hindi ideya ang layon nito kundî kagalíngan ng kaluluwa katulad din ng itinuturò nila. Ngunit sa halip na *philia*, *agape* ang daan ng Kristyanidad patungòng *sophia*. Higit sa karunungan ng diwà, ang *agape* ay nagbibigay ng kahulogan ng búhay sa pamamagitan ng pakikipagkapwà. Ang isa pang pagkakaiba ng Kristyanidad sa iba nitong katapat ay ang bawás nitong pagdakilà sa katwiran. Hindi nito sinasabi na masamá o hindi kailangan ang katwiran. Ibig sabihin lámang nito na, katulad ng nabanggit na, tinitingnan ng Kristyanidad ang katwiran hindi bílang solitaryong kakayanan kundî bílang katuwang ng pananampalatayà. Hangad ng katwiran ang *paliwanag*; hanap naman ng pananampalatayà ang mismong *liwanag*. Sa kanilang dalawa, may mas mabigat na tungkulin ang pananampalatayà na manguna sapagkat ang paghahanap ng paliwanag na walâng tanglaw ay tila pagdungaw sa bintanà na walâng tinatanaw. May iba namang Kristyano na pananampalatayà lámang ang tangìng sinusundan. Sila ang halimbawà ng mga taong nakalimot na sinomang tumitig nang diretso sa araw ay siguradong masisilaw at lalòng magdidilim ang paningin sa halip na maliwanagan. Kailangan ng katwiran at pananampalatayà ang isa’t isa. Ang balanseng ugnayan nila ang batayan ng Kristyanong pilosopiya.

Mahigit-kumulang, kinakatawan ng katatapos na mga talatà ang buod ng ideya ni Gilson tungkol sa Kristyanong pilosopiya. At gaya ng nabanggit, sa pagsalang niya sa aktwal na debate ng dekada trenta, ang ganitong ideya ay masasabing hinog na sa kanyang isip at handâ na niyang panindigan. Sa unang tingin, malinaw na makikita ang pagtatangi ni Gilson kay Santo Tomas at ang kanyang pagpanig sa turing ni Papa Leo XIII sa

Dominikong santo bílang modelo ng Kristyanong pilosopiya. Aakalàin marahil ng iba na ikatutuwâ ng mga kapwà Tomista ang hakbang ni Gilson na isulong ang pangalan ni Santo Tomas kontra sa modernidad. Taliwas sa inaasahan, kabaligtaran ang nangyari. Sa katunayan, bago pa ang debate, tatlong kritiko na (dalawa sa kanila ay Dominiko) ang nagsabi sa kanya na tila malí ang direksyon ng kanyang pananaliksik. Ang unang kritiko (na hindí pinangalanan ni Gilson) ay isang teyologo mulâ sa Toulouse at nagsabi sa kanya na imposibleng maging modelo ng Kristyanong pilosopiya si Santo Tomas sapagkat walâ itong sariling pilosopiya. Ang tangìng pilosopiya raw na mababasa sa kanyang mga akdâ ay ang pilosopiya na makikita rin sa kahit kaninong iskolar noong edad medya. Hindí samakatuwid makatwiran ikabit sa kanyang pangalan ang isang bagay na makikita rin naman sa iba. Ang pangalawang kritiko ni Gilson ay ang Dominikong teyologo na si Pierre Mandonnet na may opinyong kontra sa unang kritiko at sa posisyon ni Gilson. Para kay Mandonnet, walâng Kristyanong pilosopiya sa edad medya sapagkat tangìng kay Santo Tomas lang ito matatagpuan. Isa lámang daw pangalan ang maitatabi sa pilosopiya at ito ay ang pangalan ng santong Dominiko. Sa timbangan ni Mandonnet, ang mga akdâ ni San Buenaventura (na ginawan din ng libro ni Gilson) ay hindí karapat-dapat sa tawag na Kristyanong pilosopiya. Ang pangatlong kritiko at isa ring Dominiko ay si Gabriel Thery na tahasang tinutulan ang panukalà ni Gilson alinman kay Santo Tomas o sa edad medya tungkol sa Kristyanong pilosopiya. Para kay Thery, walâng kahulogan ang terminong “Kristyanong pilosopiya” sapagkat unang-una, ang mga akdâ ni Santo Tomas o kahit sino pang iskolatikong intelektwal ay pawàng pagaaral lámang sa teyolohiya. Sa madalîng salitâ, para kay Thery, at tulad ng sinasabi ng marami, walâng pilosopiya, Kristyano man o hindí, sa edad medya.²⁸

Sa pagsali niya sa mismong debate, noong 1931, higit na maraming pasubali ang sasalubong sa panukalà ni Gilson. Katulad ng inaaasahan, may pagtutol sa kampo ng mga modernista. Ang malaking sopresa marahil ay ang iba-iba at mas komplikadong tugon gáling mismo sa mga kapwà niya Katoliko at Tomistang kalahok sa debate. Sapat na marahil sabihin na kung hangad ng *Aeterni Patris* na pag-isahin at palakasin ang Kristyanong pilosopiya sa pamamagitan ni Santo Tomas, ipinakita ng debate ng dekada trenta na mahirap itong mangyari at kung mangyari man, mahabàng panahon at paguusap ang kailangan. Sa mga Katolikong Tomista na sumali, tila si Jacques Maritain lámang ang nagpakita ng pagsangayon at pagkilala sa proyekto ni Gilson sa kabilâ ng pag-amin nito ng pagkakaiba nila sa metodo.²⁹ May ibang Katoliko ngunit hindí Tomista gaya nila Gabriel

²⁸ Gilson, *The Philosopher and Theology*, 87–105.

²⁹ Sadler, *Reason Fulfilled by Revelation*, 64–67.

Marcel³⁰ at Maurice Blondel³¹ na may iba ring pananaw. Para sa dalawa, posibleng magkaroon ng Kristyanong pilosopiya ngunit hindi nila nakikitang may anyô o hubog ito na kapareho ng pilosopiya ni Santo Tomas. Walâ ring iisang timbre ang tugon ng mga Dominiko at iba pang Tomista. Kinikilala nila na may talâbang nangyari sa pagitan ng Kristyanidad at pilosopiya ngunit hindi sila kombinsido na sapat itong batayan para sabihin na naging Kristyano ang pilosopiya dahil lámang sa talâbang ito. At kung sakali ngang ganito ang kinahinatnan, ibig sabihin, naging Kristiyano ang pilosopiya, ano ang kasiguruhan na pilosopiya pa rin ito at hindi teyolohiya (Van Steenberghen).³² May mga alinlangan din sa metodo at sakop ng Kristyanong pilosopiya. Halimbawà, nagiging Kristiyano ba agad ang pilosopiya dahil lámang Kristyano ang namilosopiya? Agad bang maililipat ang katangian ng kanyang personal at partikular na desisyon na mamilosopiya sa pangkalahatang karakter ng Kristiyang intelektwal na tradisyon? (Mandonnet)³³ May nagtatanong din kung bakit mas matimbang ang pansin na ibinibigay sa edad medya gayung ang edad medya ay bunga lámang ng antigong panahon? Kung gáling sa kasaysayan ang Kristyanong pilosopiya, bakit tila kulang ang paglalahad ng batayang historikal? (Sertillanges)³⁴

Ang debate tungkol sa Kristyanong pilosopiya noong dekada trenta ay bahagi lámang ng mas malawak na tensyon sa pagitan ng mga Tomista. Sa labas ng debate, ibang paksâ naman ang kaharap ng ibang Tomistang iskolar. Halimbawà, nariyan ang mga naniniwalang ang pilosopiya ni Santo Tomas ay mailalapit sa epistemolohiya ni Kant, ibig sabihin, may pilosopiya si Santo Tomas ngunit hindi medyebal kundî modernong kaisipan ang batayan. Ito ang kampo ng mga Neo-tomista na kinabibilangan ng mga gaya nila Cardinal Mercier at Jose Marechal. Sa kabilang panig naman, may mga Tomistang mas pabor na panatilihin ang klasikong karakter ng Tomistikong kaisipan kontra sa modernong tradisyon. Sila ang mga neo-iskolatiko na kinakatawan ng mga gaya nila Reginald Garrigou-Lagrange, Antonin Sertillanges at Eduoard Hugon, ang Dominikong Tomista na responsable sa bukam-bibig noon na 24 na tesis ni Santo Tomas. Mayroon ding iba na nais basahin ang intelektwal na pamana ni Santo Tomas sa kuntekstong historikal ngunit hindi bílang pilosopiya (gaya ng ginagawâ ni Gilson) kundî bílang

³⁰ *Ibid.*, 78–80.

³¹ *Ibid.*, 141–157.

³² *Ibid.*, 81–83.

³³ *Ibid.*, 81.

³⁴ *Ibid.*, 86–88. Mahalaga ring ipaalala na ang mga nabanggit ay mga representatibong komento lámang at limitado sa nosyon ng Kristyanong pilosopiya ni Gilson. Higit na marami ang mga posisyon at oposisyon ng iba't ibang Dominiko at Tomistang iskolar sa kahabâan ng debate na nagsimulâ noong dekada trenta at nagsanga pa sa dekada sitenta hanggang sa kasalukuyan.

isang teyolohikal na disiplina na bukás sa modernong inpluwensya. Ang mga iskolar katulad ni Yves Congar at Marie-Dominique Chenu ay kasali sa hanay na ito.³⁵

Posibleng akalain na walang naresolba ang nasabing debate sa kabilâ ng panahong iginugol dito (na lumampas pa ng dekada trenta). Kung ito ang pagbabatayan, parang bigô ang *Aeterni Patris* na makamit ang layunin na pag-isahin ang mga Katolikong intelektwal sa likod ni Santo Tomas laban sa modernidad. Bagaman may punto ang ganitong kritika, hindi sapat na gawing sukatan ito ng tagumpay ng nasabing debate o ng *Aeterni Patris* mismo. Totoo na maraming may alinlangan sa panukalâ ni Gilson tungkol sa Kristyanong pilosopiya ngunit hindi nangangahulogan na bigô ito. Ang bilang ng isinulat na akdâ ni Gilson pati na rin ang dami ng mga sumunod at tumugon sa kanya, pabor man o hindi, ay katibayan mismo ng sinasabi ni Gilson na totoong may Kristyanong pilosopiya sapagkat nasaksihan at nasasaksihan ang patuloy nitong ebolusyon. Posibleng hindi pa ito lubusang nagaganap sapagkat ang lubos na kaganapan nito ay kailangan pang pagsikapan ng mga iskolar na nagsusulong ng pagpapanariwâ ng Tomismo. Ang proyekto ni Gilson ay isang malaking hakbang tungò sa sinasabi ni Aimé Forest na tuloy-tuloy na paghahanap ng tagpûan sa pagitan ng katwiran at pananampalatayâ na nangyayari sa loob mismo ng pamimilosopiya sa Fransya.³⁶ Malaking hámon ito sa mga Tomistang nagnanais panatilihing napapanahon si Santo Tomas. Sa ganitong pagtingin, hindi masasabing bigô si Gilson o ang *Aeterni Patris*. Ang kawalan ng iisang boses ng Tomismo at mga Tomista ay hindi kahinaan o kakulangan. Katibayan ito ng dinamismong patuloy na pumupukaw sa interes ng mga iskolar na naghahangad na higit pang mapagaralan si Santo Tomas. Hindi rin naman kapintasan ni Gilson at Kristyanong pilosopiya kung humarap ito sa maraming pagaalinlangan. Sapagkat kung tutuosin, kung ang Kristyanong pilosopiya ay tunay ngang pilosopikal, marapat lámang na sumalang ito sa masusing kritika na siyang kailangan ng anomang uri ng pilosopiya.

³⁵ Marami nang naisulat tungkol sa iba't ibang grupo ng mga Tomista. Makikita ang halimbawâ nito sa Gerald A. McCool, *From Unity to Pluralism: The Internal Evolution of Thomism*, (New York: Fordham University Press, 2002); Gerald A. McCool, *Nineteenth-Century Scholasticism: The Search of a Unitary Method*, (New York: Fordham University Press, 1989); Fergus Kerr, *After Aquinas: Versions of Thomism*, (Oxford: Blackwell Publishing, Ltd., 2003); Roman Cessario, O.P., *A Short History of Thomism*, (Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2003); at John F.X. Knasas, *Being & Some Twentieth-Century Thomists*, (New York: Fordham University Press, 2003).

³⁶ Sadler, *Reason Fulfilled by Revelation*, 89.

Mga Aral para sa Pamimilosopiyang Filipino

Ang Fransya ang isa sa mga lokasyon na kakikitaan ng masigla at konkretong pagtugon sa pagbalik kay Santo Tomas na pinanawagan ng *Aeterni Patris*. Katibayan nito ang maraming institusyon, mga kapisanan ng mga Tomista at medyebal na iskolar, mga journal, aklat at iba pang lathalaín, mga komperensya at akademikong pagtitipon na nagsulpotan at kumalat sa bansâ bílang tugon sa anunsyo ni Papa Leo XIII.³⁷ Dagdag pa rito ang pakikilahok ng mga primerong Franses na iskolar sa kampanyang ito. Ang mga pangalan ng ilan sa mga nasabing iskolar ay nabanggit na sa naunang bahagi nitong papel. Ibig sabihin, talagang limitado ang aking presentasyon at aakûin ko ang sisi kung may pangalan man o tema na dapat sana'y isinama ko pero hindi ko naisali. Maaaring sa isa pang panayam na gaya nito o sa isang papel mulâ sa sinomang interesado ay mabigyan ng puwang ang ibang iskolar, isyu o paksâ na hindi napabilang dito sa aking payak na sanaysay. Sa kabilâ nito, hindi maikakailâ ang halaga at epekto ng debate ng dekada trenta sa pagpapasigla ng Kristyanong pilosopiya bílang isang yugtô ng pilosopikal na tradisyon ng Fransya. Hindi rin matatawaran ang naging inpluwensya nito sa pagsusuri ng diskursong pilosopikal gamit ang relihiyon katulad ng ginawâ ni Santo Tomas sa kanyang panahon na sinikap namang tularan ni Etienne Gilson. Kahanay niya ang mga Katoliko at Tomistang Franses sa pagbuô ng isang intelektwal na kultura na kritikal kapwâ sa relihiyon at modernidad ngunit hindi sarado sa inpluwensya ng isa't isa. Hindi lámang relihiyon at Tomismo ang nakinabang dito, kundî pati na rin ang pilosopiyang Franses sa pangkalahatan. Mahirap husgahan kung tagumpay nga o hindi ang nasabing debate, o kung tagumpay nga o hindi si Etienne Gilson. Kung tutuosin, mahirap talagang tukoyin kung paano nagtatagumpay pagdating sa pilosopiya. Mas matagumpay ba ang isang iskolar kung siguradong-sigurado ang kanyang sinasabi kaysa sa isa na hulogan ang pangungusap dahil naniniwalâ siyang ang tunay na mahalaga ay hindi mabibigkas nang minsan lámang?

At sa ganang atin, tayong mga Filipinong nag-aaral ng pilosopiya, hindi Franses, karamiha'y hindi Tomista, Kristiyano nga pero madalas ay parang hindi, anong aral ang posible nating mapulot dito?

Marapat pag-aralan at pag-usapan ng mga Tomasino ang pilosopiyang Franses hindi lámang dahil may birtwal na ugnayan sa pilosopiyang Franses ang departamaneto kundî dahil sadyang may historikal

³⁷ Hennesey, James, "Leo XIII's Thomistic Revival: A Political and Philosophical Event," in *The Journal of Religion*, 58 (1978), "Supplement. Celebrating the Medieval Heritage: A Colloquy on the Thought of Aquinas and Bonaventure," 185–197.

at intelektwal na ugnayan ang Fransya sa pamimilosopiyang Filipino.³⁸ Noon pa’y nabanggit na ni Prop. Florentino Hornedo ang malaking ambag ng pilosopiyang Franses sa pagbuô ng intelektwal na tradisyon ng bansa.³⁹ Mababása rin ito sa mga akdâ nila Benedict Anderson⁴⁰ at Resil Mojares.⁴¹ Sa katunayan, noong ikalabingsiyam na siglo, maliban sa bansag na *filibustero*, ginagamit din ng mga frayle ang salitang *volteriano* bilang bansag sa mga ilustradong naghahasik noon ng sinasabi nilang mga mapanganib na ideya mulâ sa Europa, partikular sa Fransya.⁴² Ang tawag na *volteriano* ay hangò sa pangalan ni Voltaire, isang Franses na intelektwal at primerong kritiko ng relihiyon. Si Voltaire ay isa rin sa mahalagang inpluwensya sa politikal na kamalayan ni Rizal.⁴³ Bukod kay Rizal, nabahiran din ng inspirasyon ng mga Franses si Andres Bonifacio na sinasabing kinahiligan ang pagbabása ng kronika ng rebolusyong Franses pati na rin ang mga nobela ni Victor Hugo (*Les Misérables*) at Eugene Sue (*The Wandering Jew*).⁴⁴

Maliban sa kulturang intelektwal at pampanitikan, ang isa pang naguugnay sa Fransya at mga Filipino ay ang relihiyong Katoliko. Bago pa naging balwarte ng ateyismo ang Fransya at ang pilosopiya nito, matagal na matagal na panahon na ito ay saradong Katoliko. Sinomang nakabasa ng

³⁸ Ang papel na ito ay hango sa bersyong binasa ng may-akda sa simposyum sa UST na dinaos noong 15–16 Setyembre 2023. Sa orihinal na bersyon, ang talatang ito ay nagsimula nang ganito: “Sa yugtong ito, nais ko’ng kilalanin ang inisyatibo ni Gian Agbisit at Jessie Lino at ang pagtangkilik ng tagapamunò ng Departamento ng Pilosopiya, Dr. Marella A. Bolaños, para maidaos itong simposyum tungkol sa pilosopiyang Franses. Sa tantya ng dalawa (si Gian at Jessie), may sapat na dahilan para magkaroon ng ganitong klaseng simposyum lalò pa’t mahigit sa limampûng porsyento raw ng mga miyembro ng departamento ay nag-aaral o nagsasaliksik sa mga tema o pilosoper na may malapit na kaugnayan sa pilosopiyang Franses. Ilan sa mga miyembrong nabanggit ay kasama rito sa simposyum para magpresenta ng papel. May púnto si Gian at Jessie pero ang totoo, marapat ang ganitong simposyum hindi lámang dahil may birtwal na ugnayan sa pilosopiyang Franses ang departamaneto kundí dahil sadyang may historikal at intelektwal na ugnayan ang Fransya sa pamimilosopiyang Filipino.”

³⁹ Tingnan sa Florentino Hornedo, *Ideas and Ideals: Essays in Filipino Cognitive History* (Manila: UST Publishing House, 2001).

⁴⁰ Tingnan sa Benedict Anderson, *Under Three Flags: Anarchism and the Anti-Colonial Imagination* (London: Verso Press, 2006).

⁴¹ Tingnan sa Resil B. Mojares, *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2018).

⁴² Megan C. Thomas, *Orientalists, Propagandists and Ilustrados: Filipino Scholarship and the End of Spanish Colonialism*, (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2016), x.

⁴³ Epifanio de los Santos, “Andres Bonifacio,” in *Revista Filipina*, 3:1 (January-February 1918), 37, <<https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/acp0898.0003.001/50?page=root;size=150;view=image>> at John Nery, *Revolutionary Spirit: Jose Rizal in Southeast Asia*, (Singapore: Institute of Southeast Asian Studies, 2011), 48.

⁴⁴ *Ibid.*, 36; Patricio N. Abinales & Donna J. Amoroso, *State and Society in the Philippines*, (New York: Rowman & Littlefield Publishers Inc., 2005), 110.

mga talà tungkol sa krusada noong edad medya o nakabasa ng mga nobelang *Hunchback of Notre Dame* o kayâ *Three Musketeers* o kayâ nakabisita na sa katedral ng Notre Dame o Chartres ay makapagpapatunay sa naging mahabà, makulay at masalimuot na kasaysayan ng Katolisismo sa Fransya. Ngunit dumating din ang Fransya sa yugtô ng pagbitaw sa Katolisismo. Ang pagbitaw na ito ang siyang naging hudyat ng pagyakap ng mga Franses sa panahong moderno. Ang tinalakay na debate tungkol sa Kristyanong pilosopiya noong dekada trenta ay nalalakipan ng komplikadong timpla ng kasaysayang ito. Para sa Fransya, ang modernidad ay hindî lámang pagbibihis ng bagong kaisipan; paghuhubad din ito ng lumàng saplot na kinakatawan ng relihiyong Katoliko. Ang mariing pagtutol ng mga modernista sa Kristyanong pilosopiya samakatuwid ay hindî lámang simpleng pagtanggì sa posibilidad na maging Kristiyano ang pilosopiya o maging pilosopikal ang Kristiyanidad; pagpapahayag din ito ng pangamba na mulîng sumigla ang Katolisismo sa bansâ at maantalà ang sekularisasyon na tinatahak ng Fransya.⁴⁵ Walâ man ang ganitong hermenyutika kay Etienne Gilson, hindî maiiwasang tingnan ang debate tungkol sa Kristyanong pilosopiya sa ganitong pananaw.

Sa bisà ng mga kaugnayang ito, hindî man Tomista ang karamihan sa atin, malasado man ang ating pagiging Kristiyano, hindî man tayo nakapagsasalitâ ng Franses, sa tingin ko, may mapupulot tayong ilang bagay sa debate tungkol sa Kristyanong pilosopiya na makatutulong sa pagpapayabong ng pamimilosopiyang Filipino. Sa totoo lang, marami tayong posibleng matutunan pero lilimatahan ko lámang sa tatlo ang aking listahan para mas madalîng matandàan.

Una, ang debate ng dekada trenta tungkol sa Kristyanong pilosopiya ay isang paaalala kung bakit hindî natin dapat pangilagan ang Tomismo o ang iskolastisismo o relihiyon sa ating pamimilosopiya. Sa tingin ko, ang pagsasantabi ng ibang lokal na iskolar sa Tomismo o iskolastisismo dahil lumà na raw o dahil may bahid daw ng relihiyon ay nagpapakita ng makitid na pag-unawà kapwà sa relihiyon at sa praktika ng diskurso. Tanggapin man natin o hindî, malaking bahagi ng búhay ng mga Filipino ang relihiyon, partikular ang Kristyanong relihiyon. Sa madalîng salitâ, mahirap sabihin na namimilosopiya tayo sa ngalan ng karaniwang tao kung isinasantabi naman natin ang isang karanasan tulad ng relihiyon na mahalaga sa kanila. Kaugnay nito, mahalagang makita natin ang kontemporaryong paglalapit ng pilosopiya at relihiyon gaya ng mababása sa mga akdâ ng mga tulad nina P.

⁴⁵ Sadler, *Reason Fulfilled by Revelation*, 21–23.

Roque Ferriols,⁴⁶ Bro. Karl Gaspar,⁴⁷ P. Kenneth Masong,⁴⁸ at P. Raymun Festin.⁴⁹ Sila, gaya ni Gilson, ay naghahanap din ng paraan upang makapagnilay sa Kristyanong karanasan sa pamamagitan ng pilosopiya. Naging interesado si Gilson sa Kristyanong pilosopiya at kay Santo Tomas sa hangad niyang maghanap ng posibleng tagpûan ang katwiran at pananampalatayà. Ipinakita ng ibang kalahok sa debate na modelo nga ng ganitong gawâin si Santo Tomas ngunit hindî lámang siya o ang pilosopiyang kinakatawan niya ang may kakayanang isakatuparan ito. Isang puwang ito sa teorya ni Gilson na posible nating punôan. Importante ring maalala, gaya ng makikita natin sa debate, na ang Tomismo ay hindî isang-buô at waláng lamat na tradisyon. Ang tagisan at di-pagkakasundô ng mga iskolar na Tomista tungkol sa Kristyanong pilosopiya ay patunay sa patuloy na paghubog sa sarili ng nasabing tradisyon. Malayò ito samakatuwid sa hegemonya o dominasyon na kadalasang ibinibintang sa Tomismo lalò na dito sa Pilipinas. Kung totoo ang nasabing hegemonya, hindî na sana nagkaroon pa ng *Aeterni Patris* o ng debate ng dekada trenta o ng pananamlay ng Tomismo dito mismo sa ating bansâ.

Pangalawa, naganap ang debate sa pagsisikap ng mga inetelektwal na Franses na isulong ito. Nagtulong-tulong at nagkasundô ang mga may-relihiyon at silang walâ para itampok ang pinakamahalagang aspekto ng pamimilosopiya: ang debate. Bawat isa sa kanila ay naniniwalâ na ang debate ay hindî sigawan, o pataasan ng ihî o sabi nga ng nauusong salità ngayon, bardagulan. Nais kong balikan ang tema ng simposyum natin ngayon na hindî ko alam kung paano bigkasin nang tamâ sa Franses pero sa wari ko ay nangangahulogan sa Filipino ng “pagkabagabag.” Nangyari ang debate noong dekada trenta sapagkat nakaramdam ang mga inetelektwal na Franses ng pagkabagabag tungkol sa pilosopiya at relihiyon at sa posibleng pagsasanib nito sa anyô ng Kristyanong pilosopiya. Hindî ko sinasabi na dapat din tayong mabagabag sa isyung gaya ng sa kanila. Sa tingin ko, mas mahalaga at mas pundamental na itanong, hindî kung ano ang bumagabag sa atin, kundî kung nakararamdam pa kayâ tayo ng pagkabagabag sa ating pamimilosopiya. O baka naging kampante na tayo sa mga katotohanang nakasanayan o kinahumalingan na nating paniwalâan. At kung sakaling may pagkabagabag pa rin tayong nararamdaman, nababagabag pa kayâ tayo

⁴⁶ Tingnan sa Roque Ferriols, S.J., *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

⁴⁷ Tingnan sa Karl Gaspar, C.Ss.R., *Handumanan (Remembrance): Digging for Indigenous Wellspring* (Quezon City: Claretian Communications Foundation Inc., 2021).

⁴⁸ Tingnan sa Kenneth C. Masong, *Becoming-Religion: Alfred North Whitehead and a Contemporary Philosophical Reflection* (Manila: UST Publishing House, 2015).

⁴⁹ Tingnan sa Raymun Festin, S.V.D., *The Black Nazarene and Philosophy* (Manila: Logos Publications, Inc., 2017).

sa tamang isyu o katanungan? Naalala ko tuloy ang katatapos na pandaigdigang turnamento sa basketball na ginanap sa Maynilà kamakailan. Daang-libong manonood ang nabagabag at nagalit sa isang coach dahil daw sa pagpapatupad ng maling sistema ng paglalarô.⁵⁰ Iniisip ko, bakit kayâ madali tayong mabagabag at magalit sa maling sistema ng basketball pero kayâ nating sikmurain ang isang maling sistema ng gobyerno? Sadyâ bang huminà o talagang nawalâ na ang kakayanan nating mabagabag kayâ hindi na tayo nababahalâ sa balitang lihim na naubos ng Opisina ng Bise Presidente sa loob lámang ng labingsiyam na araw ang lihim na pondong nagkakahalaga ng 125 milyong piso na lihim na ibinigay, hindi ng Kongreso kundî ng Opisina ng Presidente mismo?⁵¹ Binabagabag pa nga ba tayo ng relihiyon para hanapin ang mga bagay na tunay na maka-Diyos gaya ng katotohanan at katarungan? Binabagabag pa nga ba tayo ng pilosopiya para manindigan sa katwiran at hindi para “magdahilan” lámang? Paano nga ba magiging mitsang mulí ng pagkabagabag ang relihiyon at pilosopiya para sa atin na namimilosopiya at sa publikong pinaglalaanan natin nito?

Ang pangatlo at hulíng aral ay medyo maselan kayâ hulí ko nang sasabihin. Sa pamamagitan ni Gilson at ng debate ng dekada trenta, naihayag ang mahigpit bagaman komplikadong ugnayan ng pilosopiya at relihiyon. Ngunit maliban dito, nagbigay din ito ng pagkakataon na makita natin ang dikit na relasyon ng pilosopiya at wikà. Ang debate ng dekada trenta ay minsang tinawag din na “debateng Franses” sapagkat nilahukan ito ng mga intelektwal na Franses gamit ang wikang Franses. Sa katunayan, bagaman, nasundan na ng ilang kaparehang debate ang orihinal na paghaharap at marami na ring naisulat na reaksyon at kontra reaksyon dito, nito lámang 2011 nagkaroon ng salin ang debate sa Ingles. Magkahalòng paghangà, panghihinayang at panibughò ang naramdaman ko habang binabasa ang isinaling teksto. Ang paghangà ay para sa mga kalahok na intelektwal, lalo na kay Gilson at Maritain, sa kanilang kakayanan na panindigan ang kanilang mga ideya at tapatan ang mga kapwà iskolar na kontra sa kanila. Ang panghihinayang ay para sa kawalan ko ng kakayanan na magsalitâ at magbasa sa Franses. Iba siguro ang karanasan kung mababasa ang teksto sa orihinal na lengguwahe nito. Ang panibughò naman ay patungkol sa taas ng antas ng intelektwalisasyon ng wikang Franses at sa galíng at kahandâan ng mga iskolar ng Fransya na gamitin ito sa kanilang diskurso. Hindî ko

⁵⁰ Delfin Dioquino, “Chot says he stepped aside to avoid distraction, rues missed chance at redemption in Asian Games,” in *Rappler* (10 September 2023), <<https://www.rappler.com/sports/gilas-pilipinas/chot-reyes-says-stepped-aside-avoid-distraction-rues-missed-chance-redemption-asian-games-2023/>>.

⁵¹ Bonz Magsambol, “Why transfer of P125-M confidential funds to OVP sets dangerous precedent,” in *Rappler* (6 September 2023), <<https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/why-transfer-confidential-funds-office-vice-president-sets-dangerous-precedent/>>.

sinasabi na hindî ito nangyayari sa atin. Paminsan-minsan, mayroon din namang mangilan-ngilang pagkakataon na Filipino ang gamit ng mga Filipinong iskolar sa kanilang diskurso at akademikong pagtitipon. Hindî ko rin sinasabi na tumigil na tayo sa paggamit ng Ingles sa ating pagsusulat at pagtuturò. Ako rin ay kalahok sa kasalukuyang sitwasyon na nagsasadlak sa akin para pilitin ang sarili na magpanggap na káya kong magsalitâ at magsulat sa Ingles. Nakakabagabag lang na baka dumating talaga ang araw, katulad ng nagsisimulâ nang mangyari ngayon, na Filipino na ang maging estranghero sa ating pandinig kaysa Ingles; na baka tuluyan na nating kailanganin ang magsalin sa Ingles para maunawâan ang mga terminong Filipino na nababása o nadidinig; na bakâ talagang makombinse tayo na ang pamimilosopiya ay sa Ingles o sa ibang wikâ lámang posibleng gawin at hindî sa Filipino na sariling atin. Nakakabagabag ito sa tingin ko. Pero, sa tingin ko rin, hindî pa ito ang sukdulan. Higit na nakakabagabag ang malámang hindî ito nakakabagabag sa marami. Sa tingin ko, walâng hihigit sa trahedyâ na balang araw ay magisnan nating ulilâ na tayo sa sariling wikâ dahil tayo mismo at walâ ng iba ang unang nagpabayâ.

Konklusyon

Ang debate ng dekada trenta ay isang mahalagang pangyayari na nagtatampok sa malapit bagaman komplikadong relasyon ng relihiyon at pilosopiya. Malaki ang naging papel dito ni Etienne Gilson, partikular ang kanyang nosyon ng Kristyanong pilosopiya na hindî sinasadyâng nabuô at naisa-konsepto dahil sa pagaaral niya ng modernong kaisipan ni Descartes. Sa pagsisikap na higit na maunawâan si Descartes, natagpûan ni Gilson ang mismong argumento na magpapasubali hindî lámang sa kanya kundî pati na rin sa modernong pilosopiya na kanyang pinasinayâan. Ang nasabing argumento ang kinakatawan ng Kristyanong pilosopiya na para kay Gilson at sa mga iskolar na sumasangayon sa kanya ay isang malaking hakbang tungò sa pagtupad ng adhikâ ng *Aeterni Patris* ni Papa Leo XIII na mulîng maipakilala si Santo Tomas sa modernong panahon. Ang Kristyanong pilosopiya ni Gilson ay isa sa mga landas na naging susi sa pagpasok ni Santo Tomas sa tradisyon ng pilosopiyang Franses. Ang kasundôan at di-pagkakasundông pinukaw nito sa debate ay isang testamento na ang pagpapanumbalik kay Santo Tomas na minimithî ng *Aeterni Patris* ay hindî imposibleng makamit. Mithûin ito na patuloy na nagaanyaya sa atin na isulong ang diskurso, kontra o man pabor sa Kristyanong pilosopiya, at hindî urungan ang pagkabagabag na hatid nito.

*Department of Philosophy
Center for Thomism, Religious Studies, and Ethics
University of Santo Tomas, The Philippines*

Sanggunian

- Abinales, Patricio N. & Donna J. Amoroso, *State and Society in the Philippines*, (New York: Rowman & Littlefield Publishers Inc., 2005).
- Aertesen, Jan A., "Aquinas's philosophy in its historical setting" in Kretzmann, Norman & Eleonore Stump, *The Cambridge Companion to Aquinas*, (New York: Cambridge University Press, 1999).
- Anderson, Benedict, *Under Three Flags: Anarchism and the Anti-Colonial Imagination*, (London: Verso Press, 2006).
- Betz, Hans Diether, "Antiquity and Christianity," in *Journal of Biblical Literature*, 117:1 (Spring 1998), 3–22.
- _____, "The Birth of Christianity as a Hellenistic Religion: Three Theories of Origin," in *The Journal of Religion*, 74:1 (January 1994), 1–25.
- Cessario, Roman, O.P., *A Short History of Thomism*, (Washington, DC: The Catholic University of America Press, 2003).
- de los Santos, Epifanio, "Andres Bonifacio," in *Revista Filipina*, 3:1 (January and February 1918), 34–39, <<https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/acp0898.0003.001/50?page=root;size=150;view=image>>.
- Dioquino, Delfin, "Chot says he stepped aside to avoid distraction, rues missed chance at redemption in Asian Games," in *Rappler* (10 September 2023), <<https://www.rappler.com/sports/gilas-pilipinas/chot-reyes-says-stepped-aside-avoid-distraction-rues-missed-chance-redemption-asian-games-2023/>>.
- Elm, Susanna, *Sons of Hellenism, Fathers of the Church: Emperor Julian, Gregory of Nazianzus, and the Vision of Rome* (Los Angeles: University of California Press, 2012).
- Ferriols, Roque, S.J. *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).
- Festin, Raymun, S.V.D., *The Black Nazarene and Philosophy* (Manila: Logos Publications, Inc., 2017).
- Gaspar, Karl, C.Ss.R., *Handumanan (Remembrance): Digging for Indigenous Wellspring* (Quezon City: Claretian Communications Foundation Inc., 2021).
- Gilson, Etienne, *Being and Some Philosophers* (Toronto: Pontifical Institute of Medieval Studies, 1952).

- _____, *Elements of Christian Philosophy*, (New York: Doubleday & Company, Inc., 1959).
- _____, *Christian Philosophy*, trans. Armand Maurer, (Ontario: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 1993).
- _____, *History of Christian Philosophy in the Middle Ages* (Toronto: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 1955).
- _____, *John Duns Scotus: Introduction to His Fundamental Positions*, trans. James Colbert, (New York: T&T Clark, 2018).
- _____, *The Christian Philosophy of Saint Augustine*, (New York: Vintage Books, 1967).
- _____, *The Philosopher and Theology*, trans. Cecile Gilson, (New York: Random House, 1962).
- _____, *The Philosophy of St. Bonaventure*, trans. Dom Illtyd Trethowan, (New Jersey: St. Anthony Guild Press, 1965).
- _____, *The Spirit of Mediaeval Philosophy: The Gifford Lectures (1931–1932)*, trans. by A.H.C. Downes (New York: Charles Scribner's Sons, 1940).
- _____, *The Unity of Philosophical Experience* (New York: Charles Scribner's Sons, 1950).
- _____, *Thomism: The Philosophy of St. Thomas Aquinas*, trans. by Laurence K. Shook and Armand Maurer, (Ontario: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 2002).
- Gilson, Etienne & Thomas Langan, *Modern Philosophy: Descartes to Kant*, (New York: Random House, 1963).
- Griggs, C. Wilfred, "Rediscovering Ancient Christianity," in *Brigham Young University Studies*, 38:4 (1999), 73–90.
- Hennese, James, "Leo XIII's Thomistic Revival: A Political and Philosophical Event," in *The Journal of Religion*, 58 (1978), "Supplement. Celebrating the Medieval Heritage: A Colloquy on the Thought of Aquinas and Bonaventure," 185–197.
- Hornedo, Florentino, *Ideas and Ideals: Essays in Filipino Cognitive History* (Manila: UST Publishing House, 2001).
- Kerr, Fergus, *After Aquinas: Versions of Thomism* (Oxford: Blackwell Publishing, Ltd., 2003).
- Knasas, John F.X., *Being & Some Twentieth-Century Thomists* (New York: Fordham University Press, 2003).
- Kretzmann, Norman & Eleonore Stump, *The Cambridge Companion to Aquinas* (New York: Cambridge University Press, 1999).
- Leo XIII, *Aeterni Patris* (1874), in *The Holy See: Daily Bulletin of the Holy See Press Office*, <https://www.vatican.va/content/leo-xiii/en/encyclicals/documents/hf_l-xiii_enc_04081879_aeterni-patris.html>.

- Magsambol, Bonz, "Why transfer of P125-M confidential funds to OVP sets dangerous precedent," in *Rappler* (6 September 2023), <<https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/why-transfer-confidential-funds-office-vice-president-sets-dangerous-precedent/>>.
- Maritain, Jacques, *An Essay on Christian Philosophy*, trans. by Edward Flannery, in *The Jacques Maritain Center* (1955), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/aeocp00.htm>>.
- _____, *Bergsonian Philosophy and Thomism*, trans. Mabelle L. Andison, (Indiana: University of Notre Dame Press, 1955).
- _____, *The Degrees of Knowledge* (London: The Centenary Press, 1937).
- _____, *The Range of Reason*, in *The Jacques Maritain Center* (1952), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/range.htm>>.
- Maritain, Raïssa, *The Angel of the Schools*, trans. Julie Kernan, in *The Jacques Maritain Center* (1942), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/sta.htm>>.
- Masong, Kenneth C., *Becoming-Religion: Alfred North Whitehead and a Contemporary Philosophical Reflection*, (Manila: UST Publishing House, 2015).
- McCool, Gerald A., *From Unity to Pluralism: The Internal Evolution of Thomism*, (New York: Fordham University Press, 2002).
- _____, *Nineteenth-Century Scholasticism: The Search of a Unitary Method*, (New York: Fordham University Press, 1989).
- _____, "Twentieth-Century Scholasticism," in *The Journal of Religion*, 58 (1978), "Supplement. Celebrating the Medieval Heritage: A Colloquy on the Thought of Aquinas and Bonaventure," 198–221.
- McInerney, Ralph, *The Very Rich Hours of Jacques Maritain: A Spiritual Life*, (Indiana: University of Notre Dame Press, 2003), <https://maritain.nd.edu/assets/570350/mcinerney_the_very_rich_hours_of_jacques_maritain.pdf>.
- Mojares, Resil B., *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*, (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2018).
- Nussbaum, Martha, *Therapy of Desire: Theory and Practice in Hellenistic Ethics*, (New Jersey: Princeton University Press, 2018).
- Perrier, Joseph Louis, *The Revival of Scholastic Philosophy in the Nineteenth Century*, (New York: Columbia University Press, 1909), <<https://www3.nd.edu/~maritain/jmc/etext/perrier.html>>.
- Pius IX, *Qui Pluribus* (1846), in *Papal Encyclicals Online*, <<https://www.papalencyclicals.net/pius09/p9quiplu.htm>>.

- Sadler, Gregory, *Reason Fulfilled by Revelation: The 1930s Christian Philosophy Debates in France* (Washington: The Catholic University of America Press, 2011).
- _____, "Christian Philosophy: The 1930s French Debates," in *Internet Encyclopedia of Philosophy*, <<https://iep.utm.edu/christian-philosophy-1930s-french-debate/>>.
- Schafer, Peter, *The Jewish Jesus: How Judaism and Christianity Shaped Each Other*, (New Jersey: Princeton University Press, 2012).
- Shook, Laurence K., *Etienne Gilson*, (Ontario: Pontifical Institute of Mediaeval Studies, 1984).
- Simon, Marcel, "Early Christianity and Pagan Thought: Confluences and Conflicts," in *Religious Studies*, 9:4 (December 1973), 385–399.
- Striker, Gisela, "Ataraxia: Happiness as Tranquility," in *The Monist*, 73:1 (January 1990), "Hellenistic Ethics," 97–110.
- Thomas, Megan C., *Orientalists, Propagandists and Ilustrados: Filipino Scholarship and the End of Spanish Colonialism* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2016).
- Torrell, Jean-Pierre, O.P., *Saint Thomas Aquinas, Volume 1: The Person and his Work*, trans. by Robert Royal (Washington: The Catholic University of America Press, 2005).
- Weisheipl, James A., O.P., *Friar Thomas D' Aquino: His Life, Thought and Work*, (Oxford: Blackwell, 1974).
- _____, "Commentary" in Victor B. Brezik, C.S.B., *One Hundred Years of Thomism: Aeterni Patris and Afterwards* (Houston: Center for Thomistic Studies, 1981).